SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 20, 2021, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad - sick |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-sick |

RELEASED NAME DATE TIME
SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 04 OCT 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 342-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 3 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 88-T2021 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 109-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P50,000.00 MULA SA TRAINING / SEMINAR (P20,000.00) AT UNIFORM – FIRE OLYMPICS (P30,000.00) NG BARANGAY DRRM FUND UPANG ILAAN PARA SA OTHER MAINTENANCE AND OPERATING EXPENSES – DE CLOGGING NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 88-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 109-T2021 na may kabuuang halagang P50,000.00 mula sa Training / Seminar (P20,000.00) at Uniform – Fire Olympics (P30,000.00) upang ilaan para sa Other Maintenance and Operating Expenses-De clogging ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 3 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 88-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 109-T2021 na may kabuuang halagang P50,000.00 mula sa Training / Seminar (P20,000.00) at Uniform – Fire Olympics (P30,000.00) upang ilaan para sa Other Maintenance and Operating Expenses-De clogging ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 20, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
10-01-21